


# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ikatlong Markahan – Modyul 3 Kalikasan ay Pagmalasakitan, Mga Batas Sundin at Igalang



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikaanim na Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikatlong Markahan – Modyul 3: Kalikasan ay Pagmalasakitan, Mga Batas  
Sundin at Igalang  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Susana M. Gonzales	
<b>Editors:</b>	Ida Flor C. Ferraris, Baby Alleah S. Mercado	
<b>Tagasuri:</b>	Lani A. Palma, Lenie D. Diamante Miriam Lima, Annamor M. Eleccion	
<b>Tagaguhit:</b>	Anthony Cordilla	
<b>Tagalapat:</b>	Japeth N. Pagonzaga, Llaine Grace B. Coronel, Jose Karrlo G. Barro Vergel Junior C. Eusebio	
<b>Tagapamahala:</b>	Ma. Gemma M. Ledesma Josilyn S. Solana Elena P. Gonzaga Donald T. Genine Miriam T. Lima	Renato T. Ballesteros Regie B. Sama Ronie T. Tababa Annamor M. Eleccion Lani A. Palma

**Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region VI**

Office Address: Duran Street, Iloilo City  
Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653  
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Ikatlong Markahan – Modyul 3  
Kalikasan ay Pagmalasakitan,  
Mga Batas Sundin at Igalang**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat para makatulong sa iyo upang higit mong maunawaan ang kahalagahan ng kalikasan at makatulong ka sa pangangalaga nito sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kaugnay na batas at programa nito.

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa.

- a. Nakapagpapakita ng tapat na pagsunod sa mga batas pambansa at pandaigdigang tungkol sa pangangalaga sa kapaligiran. **(EsP6PPP-IIIf-37)**



## **Subukin**

**A. Panuto:** Kumpletuhin ang bawat pangungusap. Isulat ang titik nang tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ang RA 9147 ay tungkol sa \_\_\_\_\_.
  - A. pagdedeklara ng *national park*
  - B. konserbasyon at pagbibigay ng proteksyon sa maiilap na hayop
  - C. tamang paraan ng pangongolekta at pagbubukod-bukod ng basura
  - D. pagkakaroon ng regulasyon sa pangongolekta at pangangalakal ng maiilap na hayop
  
2. Ang *Philippine Clean Air Act* ay tungkol sa \_\_\_\_\_.
  - A. pagpapanatili ng ecological diversity
  - B. pagkilala sa kalinisan ng hangin para sa mamamayan
  - C. pananaliksik upang mapanatili ang *biological diversity* ng bansa
  - D. pagpapanatili ng malinis at ligtas na hanging nilalanghap ng mga mamamayan at pagbabawal sa mga gawaing nagpadumi sa hangin

3. Ang Batas Pambansa 7638 na nagtatag ng *Department of Energy (DOE)* ay naglalayong \_\_\_\_\_.
- A. ipagbawal ang mga gawaing nagpapadumi sa hangin
  - B. mapanatili at masuportahan ang buhay at pag-unlad ng tao
  - C. panatilihin ang *natural biological* at physical diversities
  - D. isaayos, subaybayan, at isakatuparan ang mga plano at programa ng pamahalaan sa eksplorasyon, pagpapaunlad, at konserbasyon ng enerhiya
4. Ipinasa ang *RA 7586 (National Integrated Protected Areas System Act of 1992)* upang\_\_\_\_\_.
- A. Protektahan ang mga *endangered* na hayop
  - B. Pangalagaan ang mga katubigan at nananahan dito.
  - C. Tumuklas ng iba pang mga halaman at hayop na taal sa Pilipinas.
  - D. Tiyakin ang patuloy at ligtas na pananahan ng mga halaman at hayop na taal o endemiko sa Pilipinas.
5. *RA 9003 (Ecological Solid Waste Management Act of 2000)* ay naglalayong maisagawa ang \_\_\_\_\_.
- A. tamang paraan ng pangongolekta at pagbubukod-bukod ng mga *solid waste*
  - B. pangongolekta ng hindi pinaghiwa-hiwalay na basura at pagsunog nito
  - C. pagbabaon ng mga basura sa lugar na binabaha
  - D. pagtatambak ng basura sa mga pampublikong lugar

**B. Panuto:** Isulat ang **Tama** kung ang mga larawan sa bawat bilang ay nagpapakita ng tapat na pagsunod sa batas para sa pangangalaga ng kalikasan at **Mali** naman kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa inyong sagutang papel.



1. \_\_\_\_\_



2. \_\_\_\_\_



2. \_\_\_\_\_



4. \_\_\_\_\_



5. \_\_\_\_\_

## Aralin

# 1

# Kalikasan ay Pagmalasakitan, Mga Batas Sundin at Igalang

Ang kalikasan ang nagkakaloob sa tao ng kaniyang pangangailangan para mabuhay. Karapat-dapat lamang na ingatan at pangalagaan niya ito. Nakasalalay sa biyaya ng kalikasan ang patuloy nating pag-iral habang ang pangangalaga at pag-iingat nito ay tungkulin naman natin. Ang *global warming*, *climate change*, *forest fire*, at *fish kill* ay ilan lamang sa mga suliraning pangkalikasang nararanasan natin ngayon, bunga ng pag-abuso, at pagpapabaya sa kalikasan. Mahalagang matuto tayong magmalasakit sa ating kapaligiran at sa biyaya ng kalikasan dahil dito tayo nananahan.

Sa modyul na ito ay matututuhan mo na ang tapat na pagsunod sa batas pangkalikasan ay isang mabisang paraan ng pagpapakita ng malasakit sa kapaligiran, kapwa, bansa at sa daigdig.



## Balikan

**Panuto:** Lagyan ng **tsek (/)** kung ang pangungusap o parirala ay nagpapakita ng wastong paggamit ng pinagkukunang-yaman at **ekis (X)** kung hindi. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

- \_\_\_ 1. pagpapalit ng mga punong pinuputol sa kagubatan
- \_\_\_ 2. pagpapanatili ng kalinisan ng kapaligiran
- \_\_\_ 3. pagkakaingin ng mga puno sa kagubatan
- \_\_\_ 4. wastong paggamit at pagtitipid ng tubig
- \_\_\_ 5. pangangalaga sa anyong-tubig sa paligid
- \_\_\_ 6. simple at responsableng paggamit ng mga bagay
- \_\_\_ 7. pagbubukod ng mga basurang nabubulok at di-nabubulok
- \_\_\_ 8. pagsasagawa ng *3R's (Reduce, Reuse, Recycle)*
- \_\_\_ 9. pagsunod sa mga panuntunan at batas na ipinatutupad tungkol sa pangangalaga ng kapaligiran
- \_\_\_ 10. patuloy na pagtanim ng mga halaman at puno





## ***Tuklasin***

Ang kalikasan ay biyayang galing sa ating Panginoon. Ito ay ang tanging yaman na dapat nating lahat pangalagaan dahil dito nakasalalay ang ating buhay.

**Panuto:** Basahin ang tula sa ibaba. Tuklasin kung paano natin maipapakita ang tapat na pangangalaga sa kapaligiran.

### **Ang Ating Kalikasan**

*ni Pilsen Kate E. Advincula*

Ang ganda ng ating kalikasan  
Kagandahan na tayong lahat ay gustong masaksihan  
Para sa kinabukasan nating mga kabataan  
Kaya't ating lahat na sikaping pag-ingatan.

Kapaligiran natin ay panatiliing ligtas  
Mula sa maliit na insekto hanggang sa agilang matalas;  
Gubat ng yaman sa bundok matatagpuan  
Dapat nating protektahan, magpakailan pa man.

Ang silbi ng kagubatan ay hindi matatawaran  
Nakasalalay ang kaligtasan ng buhay ng sangkatauhan  
Tirahan ng mga ibon, hayop, puno, at mga halaman  
Sariwang hangin binibigay, dulot ay katiwasayan ng isip at kasaganaan.

Asul at malawak na karagatan  
Sa malalaki at maliliit na isda mayaman  
Sariwang pagkaing-dagat at pangkabuhayan  
Lahat ng ito'y ating makakamtan.

Ang pagbabagong inaasam asam  
Kung nais nating lahat makamtan  
Kapaligiran, kalikasan halina't pagandahin  
Wag maging sakim at ito'y wag abusuhin.

**Panuto:** Basahin at unawain ang mga tanong. Pagkatapos, sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Bakit kailangang ingatan ang kalikasan?
2. Bakit maituturing na gubat ng yaman ang kabundukan?
3. Ano ang kabutihang naidudulot ng hanging malinis at sariwa?
4. Paano mo maipapakita ang tapat na pangangalaga sa kapaligiran?



## **Suriin**

Kapag napangalagaan natin ang kalikasan, matitiyak natin na hindi lamang ang mga tao sa kasalukuyan ang makakapamuhay nang maayos kundi pati na rin ang mga tao sa susunod pang mga salinlahi. Narito ang mga batas para sa kalikasan upang maisakatuparan ang pangangalaga sa kalikasan na kailangang suportahan at sundin.


### ***Mga Batas Pambansa at Pandaigdigang tungkol sa Pangangalaga sa Kalikasan***

#### **1. RA 9147 (Wildlife Resources Conservation and Protection Act of 2001)**

Ang batas na ito ay nagbabawal sa pagpatay, pananakit, pangongolekta, pagbebenta, at pagbiyahe ng anumang *wildlife species* na itinuturing na *endangered* at nanganganib na maubos.

Nagtatakda ang batas na ito ng regulasyon sa pangongolekta at pangangalakal ng maiilap na hayop at paglalaan ng pondo sa pananaliksik upang mapanatili ang *biological diversity* ng bansa.

Narito ang ilang mga halimbawa ng mga uri ng hayop na itinuturing na *endangered* at nanganganib na maubos:




*Pawikan or Hawksbill Sea Turtle (Scientific Name: Eretmochelys Imbricata)*




*Haribon or Philippine eagle (scientific name: Pitheophaga jefferyi)*




*Tamaraw or Mindoro dwarf buffalo (scientific name: Bubalus mindorensis)*



*Dugong or sea cow (scientific name: Dugong dugon)*



*Mindoro crocodile (scientific name: Crocodylus mindorensis)*



*Butanding or whale shark (scientific name: Rhincodon)*

## **2. RA 7586 (National Integrated Protected Areas System Act of 1992)**

Layunin ng batas na ito na pahalagahan at protektahan ang mga lugar ng mga hayop at halaman na nanganganib ng mawala, at mapanatili ang likas na balanse ng biyolohikal at pisikal na balanse. Sakop nito ang mga prenoklamang pambansang parke o liwasan, kanlungan, at santuwaryo ng mga hayop at isda, reserbasyon ng kalikasan, *reservoir* ng *mangrove*, reserbasyon ng *watershed*, at mga protektadong *landscape* at *seascapes*.

Kinikilala ng batas na ito ang matinding kahalagahan ng pag-aalaga at pagprotekta sa *natural* na biyolohikal at pisikal na pagkakaiba-iba ng kapaligiran.

Mga Halimbawa:



Hilagang Negros Natural Park

Source: [https://en.wikipedia.org/wiki/Northern\\_Negros\\_Natural\\_Park](https://en.wikipedia.org/wiki/Northern_Negros_Natural_Park)

This work is licensed under the Creative Commons Attribution-ShareAlike 3.0 Unported License. To view a copy of this license, visit <http://creativecommons.org/licenses/by-sa/3.0/> or send a letter to Creative Commons, PO Box 1866, Mountain View, CA 94042, USA.



Puerto-Princesa Subterranean River National Park

Photo credit: MJ Presbitero

### 3. Batas Pambansa 7638 (Department of Energy Act of 1992)

Ang batas na ito ay inaprobahan upang isaayos, subaybayan, at isakatuparan ang mga plano at programa ng gobyerno sa paggalugad, pagpapaunlad, at pangangalaga ng enerhiya. Nilalayon ng batas na ito na isaayos at isakatuparan ang pagpapaunlad ng enerhiya ng Pilipinas. Upang makasiguro na patuloy at sapat ang *supply* ng enerhiya at makatutugon sa pagpapaunlad ng kabuhayan ng bansa. Humigit kumulang labintatlong porsyento (13%) ang pamilyang walang kuryente sa buong mundo. Kung kaya't hinihikayat ang paggamit ng solar power. Ang *solar energy* ay maaaring maging isang mahusay na opsyon para sa maraming sambahayan – binabawasan nito ang paggamit ng *fossil fuel*, binabawasan ang polusyon sa hangin at hindi na umaasa sa karaniwang mga tagasuplay ng enerhiya.

Ang *solar* na enerhiya ay ilaw at init mula sa araw na gumagamit ng teknolohiya tulad ng *solar panel*, *photovoltaics*, *solar thermal energy* at *solar* arkitektura. Isa sa mga halimbawa ay ang *Cadiz Solar Power Plant* na matatagpuan sa Cadiz, Negros Occidental, Philippines.

### **3. RA 8749 (“Philippine Clean Air Act” of 1999)**

Ang batas na ito ay naglalayong mapanatiling malinis at ligtas ang hanging nilalanghap ng mga mamamayang Pilipino. Ang DENR ay inaatasan ng batas na magsagawa ng mga patakaran at programa upang epektibong makontrol at mapigilan ang polusyon sa hangin sa bansa upang sumubaybay sa kalidad ng hangin at magtakda ng pinakamainam na paraan para masabi kung paano mas lilinis ang hangin.

Sa bawat paggawa natin ng mga pagpapasiya araw-araw makatutulong na mabawasan ang *air pollution* kung magtitipid tayo ng enerhiya katulad ng *pagrecycle* ng papel, plastik, mga bote, karton, at mga latang *aluminum*. Dito nakatitipid sa enerhiya at nakababawas sa paglikha ng mga emisyon. Pumili ng mga modelo ng mga sasakyan na matipid at di-gaanong nagbubuga ng polusyon, kapag maaari, sumakay sa pampublikong sasakyan, maglakad, o magbisikleta, at maari ring manood ng telebisyon upang ang mga *forecast* tungkol sa kalidad ng hangin, na nagsasabi kung gaano kalinis o karumi ang inyong hangin, at ang mga problema sa kalusugan na kaakibat nito ay malaman. Karapatan nating makalanghap ng malinis at sariwang hangin upang maging malusog ang katawan ng buong sambayanan.

### **5.RA 9275 (Philippine Clean Water Act Of 2004)**

Ang batas na ito ay para sa proteksiyon, preserbasyon, at pagpapanumbalik ng kalidad ng malinis na tubig dagat. Ito ay magagamit sa pagpapanatili ng kalidad ng tubig. Ito rin ay angkop sa pagkontrol ng polusyon mula sa lupa batay sa pinagkukunan. Isinasaad din sa ilalim ng batas na ito, na ang kalidad ng tubig at mga regulasyon, pananagutan, at parusa.

Ang tubig ay isang mahalagang likas na yaman at dapat pangasiwaan ayon sa tamang pamamaraan. Ngayon, ang pagbabanta ng kakulangan sa sapat na suplay ng tubig ay nararanasan ng karamihan. Ito ay isang mahalagang sangkap ng pag-unlad at dapat na mapakinabangan ng bawat tao.

Ang polusyon sa tubig ay sanhi ng iba’t ibang sakit na maaaring magmula sa tahanan, industriya, at agrikultura. Isang kadahilanan din ang paglaki ng populasyon, pagdami ng gawaing pang-industriya, at ang kakulangan ng sistema ng pangangalaga sa yamang-tubig. Ang polusyon sa tubig ay isa sa pinakamalubhang problema sa iba’t ibang panig ng bansa na dumadanas ng kakulangan sa tubig tuwing panahon ng tagtuyot at tag-init.

### **6. RA 9003 (Ecological Solid Waste Management Act of 2000)**

Ang batas na ito ay nagsasaad ng tamang paraan sa wastong pamamahala ng mga basura - paghiwa-hiwalay ng nabubulok, di nabubulok, *recycling* at

*special waste* sa mga barangay. Ito ay naglalayon na pangalagaan ang kalusugan ng publiko at kapaligiran, paggamit ng mga maka-kalikasang pamamaraan, at pangangalaga ng likas-yaman.

Ang pag-iwas o pagbawas sa pagtatapon, gaya ng pagkompost, *recycle*, proseso ng *green charcoal*, atbp. Bago ang koleksyon, *treatment*, at pagtapon ng mga basura, ito ay maayos na paghiwa-hiwalayin, pagbiyahe, pag-imbak upang hindi na gagamit ng *incineration* o pagsusunog. Ito ay malaking tulong sa paglilimita ng pagkalat ng basura na nakasisira sa ating kapaligiran.

Sa pamamagitan ng partisipasyon ng bawat miyembro ng tahanan, pribadong sektor, sa pakikipagtulungan ng pamahalaang pambansa, ibang pamahalaang lokal, *non-government organization (NGOs)*, at pribadong sektor at pampublikong partisipasyon magiging madali ang pamamahala ng basura.



## ***Pagyamanin***

### **Gawain 1**

Ang “*Plastic and Styrofoam-Free Baguio City Ordinance*” Ordinance No. 36 series of 2017 ay isang panukalang nag-uutos sa lahat ng mga paaralan at tanggapan ng pamahalaang lungsod na panatilihin ang patakaran na “*No Plastic Bag No Styrofoam*” sa kanilang tanggapan o lugar ng paaralan kasama ang mga kaganapan. Hinihimok ang mga magulang na gumamit ng *reusable* at *washable* na mga lalagyan at kagamitan para sa pagkain / baon ng kanilang mga anak sa paaralan. Gumawa ng *poster* na nagpapakita ng pagsuporta at pagtaguyod sa nasabing ordinansa. Iguhit ang *poster* sa kahon sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

## Gawain 2

**Panuto:** Basahin at suriin ang bawat sitwasyon. Isulat ang titik ng tamang sagot na nagpapakita ng tapat na pagsunod sa mga batas. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Si Mang Kardo ay negosyante ng mga hayop na nanganganib nang mawala. Kapag nagpatuloy siya sa ganitong uri ng trabaho, \_\_\_\_\_.
  - A. sasaya ang buo niyang pamilya
  - B. yayaman sila
  - C. makukulong siya
  - D. kikita siya nang malaki
2. Nais ni Maria na mapanatili ang kalinisan at kalusugan ng bawat isa sa pamayanan. Ano ang dapat niyang gawin?
  - A. sunugin ang mga tuyong dahon
  - B. itambak ang mga basura sa silong ng bahay
  - C. itapon ang mga basura sa iisang lalagyan
  - D. paghihiwalay-hiwalayin ang mga basura sa lalagyan
3. Ang mga sumusunod ay dapat gawin para mapangalagaan ang mga katubigan ng bansa maliban sa \_\_\_\_\_.
  - A. paalalahanan ang nakararami na pangalagaan ang katubigan
  - B. itapon ang mga basura at langis sa mga daluyan ng tubig
  - C. suportahan ang mga programa upang maiwasan ang polusyon sa tubig
  - D. sumunod sa mga tuntunin upang mapangangalagaan ang katubigan
4. Mayroong iskedyul ng pangongolekta ng basura sa lugar nina Lydia. Lunes ay para sa nabubulok at Huwebes naman ang para sa di-nabubulok. Para makuha ang kanilang basura, dapat ay \_\_\_\_\_.
  - A. ipakuha niya sa basurero ang kanilang basura
  - B. magbayad siya ng tamang buwis
  - C. magbigay siya ng pera sa mga basurero
  - D. paghiwalayin niya ang kanilang mga basura
5. Maitim na usok ang lumalabas sa tambutso ng sasakyan ni Mang Kanor. Ano ang dapat niyang gawin?
  - A. bumili ng bagong sasakyan
  - B. ibenta ang kaniyang sasakyan
  - C. huwag nang gamitin ang sasakyan
  - D. ipaayos ang kaniyang sasakyan



## ***Isaisip***

**Panuto:** Punan ang talahanayan sa ibaba. Isulat sa **hanay B** ang mga nakasaad sa bawat batas sa **hanay A**. Isulat naman sa **hanay C** kung paano maipapakita ang tamang pagsunod sa mga batas na ito.

<b>A</b> Mga Batas Pambansa	<b>B</b> Nakasaad sa Batas	<b>C</b> Paano maipapakita ang tamang pagsunod sa Batas
1. RA 9147		
2. RA 7586		
3. RA 7638		
4. RA 8749		
5. RA 9275		
6 .RA 9003		





## Isagawa

**Panuto:** Ipaliwanag kung bakit dapat sundin at itaguyod ang mga sumusunod na batas. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

Mga Batas Pambansa	Mga dahilan kung bakit dapat sundin at itaguyod
1. RA 9147 <i>Wildlife Resources Conservation and Protection Act</i>	
2. RA 7586 <i>National Integrated Protected Areas System Act</i>	
3. RA 7638 <i>Department of Energy Act</i>	
4. RA 8749 <i>Philippine Clean Air Act</i>	
5. RA 9275 <i>Philippine Clean Water Act</i>	
6. RA 9003 <i>Ecological Solid Waste Management Act</i>	

### **Tandaan**

Maipapakita ang pagsunod at pagtupad sa mga batas pambansa at pandaigdigang pamamagitan ng pagpapangalaga at pagbibigay proteksiyon sa mga hayop, wastong paggamit ng enerhiya, pananatiling malinis ng hangin at katubigan, at tamang paraan ng pagtatapon ng basura.



## Tayahin

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong at isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Maraming kompanya ng konstruksiyon ang kumukuha ng maraming bato at buhangin mula sa mga ilog. Ano ang epekto nito sa kalikasan.

---

---

---

2. Kapag sinusunod natin ang batas Pambansa 9275, ano ang mangyayari?

---

---

---

3. Ang mga uri ng hayop na gaya ng butanding sa dagat, usa sa gubat ay itinuturing na *endangered* at nanganganib nang maubos. Ano ang maaari mong gawin upang maisulong ang Batas Pambansa 9147?

---

---

---

4. Bilang pagtugon sa isinasaad ng Batas Pambansa 7638 o ang Pagtatatag ng Department of Energy (DOE), maraming mga bansa ang gumagamit na ngayon ng enerhiyang solar. Ano kaya ang maidudulot nito sa mundo?

---

---

---

5. Ang RA 9003 (*Ecological Solid Waste Management Act of 2000*) ay nagsasaad ng tamang paraan ng pangongolekta at pagbubukod-bukod ng mga *solid waste*. Bakit kailangang ipatupad ito ng ating pamahalaan?

---

---

---



## ***Karagdagang Gawain***

**Panuto:** Iguhit kung ano ang nais ipahiwatig ng tulang “Ang Ating Kalikasan”  
Isulat ang sagot sa sagutang papel.



## Susi sa Pagwawasto

<p><b>Pagyamanin</b></p> <p><b>Gawain 2</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. C</li> <li>2. D</li> <li>3. B</li> <li>4. D</li> <li>5. D</li> </ol>	<p><b>Balikan</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. /</li> <li>2. /</li> <li>3. x</li> <li>4. /</li> <li>5. /</li> <li>6. /</li> <li>7. /</li> <li>8. /</li> <li>9. /</li> <li>10. /</li> </ol>	<p><b>Subukin</b></p> <p><b>A.</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. B</li> <li>2. B</li> <li>3. D</li> <li>4. A</li> <li>5. A</li> </ol> <p><b>B.</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Tama</li> <li>2. Tama</li> <li>3. Tama</li> <li>4. Tama</li> <li>5. Mali</li> </ol>
--	---	--

<p><b>Tayahin</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Dahilan ng pagguho ng lupa</li> <li>2. malayo ang pagkakaroon ng sakit</li> <li>3. Kapag nakakita ng mga hayop na nanganganap nang maubos ay agad kong ipagbigay alam sa ahensiya na nangangalaga dito tulad ng DENR.</li> <li>4. Nakababawas sa polusyon sa hangin</li> <li>5. Upang malaya tayo sa polusyon na dulot ng mga basura.</li> </ol>
--

# ***Sanggunian***

Zenaida R. Elarde, Gloria A. Peralta EdD. *Ugaling Pilipino sa Makabagong Panahon 6*. Philippines: Vicarish Publication and Trading, Inc., 2016

Mga *website*:

Republic Act No. 9147 | GOVPH. (2001, July 30). Official Gazette of the Republic of the Philippines. <https://www.officialgazette.gov.ph/2001/07/30/republic-act-no-9147/>

(n.d.). Official Gazette of the Republic of the Philippines | The Official Gazette is the official journal of the Republic of the Philippines. Edited at the Office of the President of the Philippines Under Commonwealth Act No. 638. <https://www.officialgazette.gov.ph/1992/06/01/republic-act-no-7586/>

Miguel, M. (2019, April 3). DENR panalo Sa kaso Laban Sa illegal wildlife trader. Home. <https://www.denr.gov.ph/index.php/news-events/press-releases/944-denr-panalo-sa-kaso-laban-sa-illegal-wildlife-trader>

Northern Negros natural Park. (2014, October 11). Wikipedia, the free encyclopedia. Retrieved March 19, 2021, from [https://en.wikipedia.org/wiki/Northern\\_Negros\\_Natural\\_Park](https://en.wikipedia.org/wiki/Northern_Negros_Natural_Park)

Republic Act No. 7638. (n.d.). www.doe.gov.ph. <https://www.doe.gov.ph/laws-and-issuances/republic-act-no-7638?ckattempt=1>

History of energy, economy and environment in the Philippines (in Fli.... (2013, January 8). Share and Discover Knowledge on SlideShare. <https://www.slideshare.net/djdevilles/history-of-energy-economy-and-environment-in-the-philippines-in-fiilipino-laguage>

Miguel, M. (2019, January 16). Clean Water Act mahigpit Na ipatutupad Ng DENR para malinis ang Manila Bay. Home. <https://www.denr.gov.ph/index.php/news-events/press-releases/846-clean-water-act-mahigpit-na-ipatutupad-ng-denr-para-malinis-ang-manila-bay>

R.a. 8749. (n.d.). [https://lawphil.net/statutes/repacts/ra1999/ra\\_8749\\_1999.html](https://lawphil.net/statutes/repacts/ra1999/ra_8749_1999.html)

R.a. 9003. (n.d.). The Lawphil Project - Arellano Law Foundation, Inc. [https://www.lawphil.net/statutes/repacts/ra2001/ra\\_9003\\_2001.html](https://www.lawphil.net/statutes/repacts/ra2001/ra_9003_2001.html)

Plastic bag bans in the Philippines. (2019, March 6). Global Alliance for Incinerator Alternatives. <https://www.no-burn.org/bagbanph/>

Miguel, M. (2019, June 4). World Environment Day ipagdiriwang Sa Pinas, kasabay Ng paglaban Sa air pollution. Home.  
<https://www.denr.gov.ph/index.php/news-events/press-releases/1129-world-environment-day-ipagdiriwang-sa-pinas-kasabay-ng-paglaban-sa-air-pollution>

(n.d.). ILC NES Philippines – ILC's National Engagement Strategy. <https://ilc-nes.ph>

Cadiz solar power plant. (2008, January 15). Wikipedia, the free encyclopedia. Retrieved March 19, 2021, from  
[https://en.wikipedia.org/wiki/Cadiz\\_Solar\\_Power\\_Plant](https://en.wikipedia.org/wiki/Cadiz_Solar_Power_Plant)

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)